# Ginawa ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang tatlong araw at gabi nito sa manlalakbay;at isang araw at isang gabi sa naninirahan

Ayon kay Shurayh bin Hani;Nagsabi siya:Dumating ako kay `Aishah ,tatanungin ko siya tungkol sa pagpunas ng dalawang medyas, Nagsabi siya:Nararapat ka (magtanong kay) ibn Abe Talib,Tanungin mo siya sapagkat siya ay naglalakbay kasama ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at tinanong namin siya,Nagsabi siya: ((Ginawa ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang tatlong araw at gabi nito sa manlalakbay;at isang araw at isang gabi sa naninirahan))

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Shurayh bin Hani mula sa grupo ng mga kasamahan ni `Ali-malugod si Allah sa kanya-Dumating siya kay `Ali na naghahanap ng kasagutan (sa tanong niya) tungkol sa nakatakdang oras sa pagpupunas ng dalawang medyas,at ang pagtatanong na ito ay naganap pagkatapos ng pagsusumithi nitong ligtas ni `Aishah malugod si Allah sa kanya- kay `Ali;Ito ay dahi sa siya ay mas dalubhasa sa Sunnah ng Pagpupunas, Nagsabi siya;(Nagtanong kami sa kanya tungkol sa Pagpupunas) ibig sabihin ay; ang tagal nito,At ang pagpupunas ay ang paglagay sa kamay na basa sa isang bahagi, at ang Medyas ay tsinelas na yari sa balat na natatakpan ang dalawang bukong-bukong.At ang medyas ay pantakip ng kalalakihan mula sa anumang bagay na yari sa buhok at lana,makapal man o manipis na nakakatakip hanggang sa taas ng bukong-bukong na ginagamit sa taglamig.Sinagot sila ni `Ali bin Abe Talib malugod si Allah sa kanya ( tatlong araw at gabi nito sa manlalakbay;at isang araw at isang gabi sa naninirahan) at dito ay may pagpapatunay sa mga sinang-ayunan ng karamihan sa mga may kaalaman mula sa pagtatakda ng oras sa pagpupunas ng tatlong araw sa mga manlalakbay,at isang araw at isang gabi sa naninirahan,at kaya dinagdagan sa tagal ang manlalakbay sapagkat siya ay mas karapdapat na mabigyan ng pagpapahintulot kaysa sa Naninirahan,dahil sa paghihirap sa paglalakbay.